



Republic of the Philippines  
Department of Education  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City



# **K to 12 Gabay Pangkurikulum**

## **FILIPINO**


(Baitang 1 - 10)

May 2016

# K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

K to 12 Curriculum: Tunguhin, Inaasahang Bunga/Resulta, Pamantayang Pangnilalaman, Pamantayan sa Pagganap

## KONSEPTUWAL NA BALANGKAS SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA K - 12



Pangkalahatang layunin ng Kurikulum ng K to 12 ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki - pakinabang na literasi.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Kaugnay nito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo / mapanuring pag-iisip at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig.

Sa ikatatamo ng mithiing ito, kailangan ng mga kagamitang panturo ng mga guro bilang suporta sa kurikulum na magmumula sa administrasyon, ahensiyang panlipunan, pribado at publiko, pamahalaang lokal, midya, tahanan at iba pang sektor ng lipunan.

Isinaalang-alang sa pagbuo ng kurikulum ang pangangailangang panlipunan, lokal at global na pamayanan, maging ang kalikasan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Pinagbatayan din ang mga legal na batas pang-edukasyon, at mga teoryang pilosopikal ng edukasyon at wika nina Jean Piaget (Developmental Stages of Learning), Leo Vygotsky (Cooperative Learning), Jerome Bruner (Discovery Learning), Robert Gagne (Heirarchical Learning ), David Ausubel (Interactive/Integrated Learning), Cummins (Basic Interpersonal Communication Skills-BICS at Cognitive Academic Language Proficiency Skills-CALPS) at ng ating pambansang bayaning si Dr. Jose P. Rizal na nagsabing “nasa kabataan ang pag-asa ng bayan”. Dahil ang Filipino ay nasa disiplina ng wika, pinagbatayan ang mga teorya sa kalikasan at pagkatuto ng wika, mga teorya / simulain sa pagsusuring panliterasi at mga pagdulog sa pagtuturo ng wika (W1, W2, W3) at pagtuturo ng mga akdang pampanitikan at tekstong palahad.

### Mga Pamantayan sa Filipino K-12

#### A. Pamantayan sa Programa (*Core Learning Area Standard*):

<b>Pamantayan ng Programa ng Baitang 1-6</b>	Nagagamit ang wikang Filipino upang madaling maunawaan at maipaliwanag ang mga kaalaman sa araling pangnilalaman, magamit ang angkop at wastong salita sa pagpapahayag ng sariling kaisipan, damdamin o karanasan nang may lubos na paggalang sa kultura ng nagbibigay at tumatanggap ng mensahe.
<b>Pamantayan ng Programa ng Baitang 7-10</b>	Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang rehiyunal, pambansa, saling-akdang Asyano at pandaigdig tungo sa pagtatamo ng kultural na literasi.

#### B. Pangunahing Pamantayan ng Bawat Yugto (*Key Stage Standards*):

K – 3	4 – 6	7 – 10	11 – 12
Sa dulo ng Baitang 3, nakakaya ng mga mag-aaral na ipakita ang kasanayan sa pag-unawa at pag-iisip sa mga narinig at nabasang teksto at ipahayag nang mabisa ang mga ibig sabihin at nadarama.	Sa dulo ng Baitang 6, naipapakita ng mga mag-aaral ang sigla sa pagtuklas at pagdama sa pabigkas at pasulat na mga teksto at ipahayag nang mabisa ang mga ibig sabihin at nadarama.	Sa dulo ng Baitang 10, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang rehiyonal, pambansa at salintekstong Asyano at pandaigdig upang matamo ang kultural na literasi.	Sa dulo ng Baitang 12 naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng iba't ibang disiplina at teknolohiya upang magkaroon ng akademikong pag-unawa

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### Pamantayan sa Bawat Baitang (Grade Level Standards):

Baitang	Pamantayan sa Bawat Baitang
<b>K</b>	Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahan sa pagpapahayag ng iniisip at damdamin sa wikang katutubo at ang kahandaan sa pagbasa at pagsulat upang makilala ang sarili at matutong makisalamuha sa kapwa.
<b>1</b>	Pagkatapos ng <b>Unang Baitang</b> , inaasahang nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga pasalita at di-pasalitang paraan ng pagpapahayag at nakatutugon nang naaayon. Nakakamit ang mga kasanayan sa mabuting pagbasa at pagsulat upang maipahayag at maiugnay ang sariling ideya, damdamin at karanasan sa mga narinig at nabasang mga teksto ayon sa kanilang antas o nibel at kaugnay ng kanilang kultura.
<b>2</b>	Pagkatapos ng <b>Ikalawang Baitang</b> , inaasahang nasasabi ng mga mag-aaral ang pangunahing diwa ng tekstong binasa o napakinggan, nagagamit ang mga kaalaman sa wika, nakababasa nang may wastong paglilipon ng mga salita at maayos na nakasusulat upang maipahayag at maiugnay ang sariling ideya, damdamin at karanasan sa mga narinig at nabasang mga teksto ayon sa kanilang antas o nibel at kaugnay ng kanilang kultura.
<b>3</b>	Pagkatapos ng <b>Ikatlong Baitang</b> , inaasahang nasasabi na ng mga mag-aaral ang pangunahing diwa ng tekstong binasa o napakinngan at nakapagbibigay ng kaugnay o katumbas na teksto, nagagamit ang mga kaalaman sa wika, nakababasa nang may wastong palipon ng mga salita at maayos na nakasulat gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita upang maipahayag at maiugnay ang sariling ideya, damdamin at karanasan sa mga narinig at nabasang mga teksto ayon sa kanilang antas o lebel at kaugnay ng kanilang kultura.
<b>4</b>	Pagkatapos ng <b>Ikaapat na Baitang</b> , naipamamalas na ng mga mag-aaral ang kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pakikipagtalastasan nang wasto upang maipahayag ang kaalaman, ideya at damdaming angkop sa kaniyang edad at sa kulturang kinabibilangan at nakikilahok sa pagpapaunlad ng pamayanan.
<b>5</b>	Pagkatapos ng <b>Ikalimang Baitang</b> , naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahan sa pakikipagtalastasan, mapanuring pag-iisip at, pagpapahalaga sa panitikan at kultura sa pamamagitan ng iba't ibang teksto/ babasahing lokal at pambansa.
<b>6</b>	Pagkatapos ng <b>Ikaanim na Baitang</b> , naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahan sa pakikipagtalastasan, mapanuring pag-iisip at pagpapahalaga sa wika, panitikan at kultura upang makaambag sa pag-unlad ng bansa.
<b>7</b>	Pagkatapos ng <b>Ikapitong Baitang</b> , naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang <b>rehiyunal</b> upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon.
<b>8</b>	Pagkatapos ng <b>Ikawalong Baitang</b> , naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang <b>pambansa</b> upang maipagmalaki ang kulturang Pilipino.
<b>9</b>	Pagkatapos ng <b>Ikasiyam na Baitang</b> , Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at <b>saling-akdang Asyano</b> upang mapatibay ang pagkakakilanlang Asyano.
<b>10</b>	Pagkatapos ng <b>Ikasampung Baitang</b> , naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at <b>saling-akdang pandaigdig</b> tungo sa pagkakaroon ng kamalayang global.

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**  
**BAITANG 9**

**UNANG MARKAHAN**

<b>TEMA</b>	Mga Akdang Pampanitikan ng Timog Silangang Asya
<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ang mag-aaral ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa ng malikhaing panghihikayat tungkol sa isang book fair ng mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya
<b>PANITIKAN</b>	Maikling Kuwento, Nobela, Tula, Sanaysay at Dula
<b>GRAMATIKA</b>	Mga Pang-ugnay sa Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari Mga Ekspresyon sa Paghahayag ng Opinyon/Pananaw Mga Paraan ng Pagpapahayag ng Emosyon Mga Ekspresyon sa Paglalahad ng Katotohanan

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT DOMAIN**

<b>Pag-unawa sa Napakinggan (PN)</b>	<b>Pag-unawa sa Binasa (PB)</b>	<b>Paglinang ng Talasalitaan (PT)</b>	<b>Panonood (PD)</b>	<b>Pagsasalita (PS)</b>	<b>Pagsulat (PU)</b>	<b>Wika at Gramatika (WG)</b>	<b>Estratehiya sa Pag-aaral (EP)</b>
Maikling Kuwento (Linggo 1-2)  <b>F9PN-Ia-b-39</b> Nasusuri ang mga pangyayari, at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan sa lipunang Asyano batay sa napakinggang akda	<b>F9PB-Ia-b-39</b> Nabubuo ang sariling paghatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda	<b>F9PT-Ia-b-39</b> Nabibigyang- kahulugan ang mahirap na salitang ginamit sa akda batay sa denotatibo o konotatibong kahulugan	<b>F9PD-Ia-b-39</b> Naihahambing ang ilang piling pangyayari sa napanood na telenobela sa ilang piling kaganapan sa lipunang Asyano sa kasalukuyan	<b>F9PS-Ia-b-41</b> Nasusuri ang maikling kuwento batay sa: - Paksa - Mga tauhan - Pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari - estilo sa pagsulat ng awtor - iba pa	<b>F9PU-Ia-b-41</b> Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari	<b>F9WG-Ia-b-41</b> Nagagamit ang mga pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari	
Nobela (Linggo 3-4)  <b>F9PN-Ic-d-40</b> Nauuri ang mga tiyak na bahagi sa akda na nagpapakita pinakamataas ng katotohanan, kabutihan at kagandahan batay sa napakinggang bahagi ng nobela	<b>F9PB-Ic-d-40</b> Nasusuri ang tunggaliang tao vs. sarili sa binasang nobela	<b>F9PT-Ic-d-40</b> Nabibigyan ng sariling interpretasyon ang mga pahiwatig na ginamit sa akda	<b>F9PD-Ic-d-40</b> Nasusuri ang pinanood na teleseryeng Asyano batay sa itinakdang pamantayan	<b>F9PS-Ic-d-42</b> Madamdaming nabibigkas ang palitang-diyalogo ng napiling bahagi ng binasang nobela	<b>F9PU-Ic-d-42</b> Naisusulat ang isang pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang tao vs. sarili	<b>F9WG-Ic-d-42</b> Nagagamit ang mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay-opinyon (sa tingin / akala / pahayag / ko, iba pa)	<b>F9EP-Ic-d-12</b> Nakasasaliksik tungkol sa iba pang nobela ng Timog-Silangang Asya

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Pag-unawa sa Napakindingan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
<p>Tula (Linggo 5)</p> <p><b>F9PN-Ie-41</b> Naiuugnay ang sariling damdamin sa damdaming inihayag sa napakindingang tula</p>	<p><b>F9PB-Ie-41</b> Nailalahad ang sariling pananaw at naihahambing ito sa pananaw ng iba tungkol sa pagkakaiba-iba o pagkakatatulad ng paksa sa mga tulang Asyano</p>	<p><b>F9PT-Ie-41</b> Natutukoy at naipaliliwanag ang magkakasingkahulugang pahayag sa ilang taludturan</p>	<p><b>F9PD-Ie-41</b> Nasusuri mula sa <i>youtube</i> ang ilang halimbawa ng pagbigkas ng tula, isahan man o sabayan</p>	<p><b>F9PS-Ie-43</b> Nabibigkas nang maayos at may damdamin ang isinulat na sariling taludturan</p>	<p><b>F9PU-Ie-43</b> Naisusulat ang ilang taludtod tungkol sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng bansang Asya</p>	<p><b>F9WG-Ie-43</b> Naipapahayag ang sariling emosyon/damda-min sa iba't ibang paraan at pahayag</p>	<p><b>F9EP-Ie-13</b> Nasasaliksik sa <i>internet</i> ang ilang halimbawang tula sa Timog-Silangang Asya</p>
<p>Sanaysay (Linggo 6)</p> <p><b>F9PN-If-42</b> Nasusuri ang sariling ideya at ideya ng iba kapag nakikita ang sarili sa katauhan ng nagsasalita</p>	<p><b>F9PB-If-42</b> Nasusuri ang padron ng pag-iisip (<i>thinking pattern</i>) sa mga ideya at opinyong inilad sa binasang sanaysay</p>	<p><b>F9PT-If-42</b> Naipaliliwanag ang salitang may higit sa isang kahulugan</p>	<p><b>F9PD-If-42</b> Nasusuri ang paraan ng pagpapahayag ng mga ideya at opinyon sa napanood na debate o kauri nito</p>	<p><b>F9PS-If-44</b> Nakikilahok sa isasagawang debate o kauri nito</p>	<p><b>F9PU-If-44</b> Naisusulat ang sariling opinyon tungkol sa mga dapat o hindi dapat taglayin ng kabataang Asyano</p>	<p><b>F9WG-If-44</b> Nagagamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw</p>	
<p>Dula (Linggo 7-8)</p> <p><b>F9PN-Ig-h-43</b> Nabubuo ang kritikal na paghusga sa karakterisasyon ng mga tauhan at sa epekto nito sa pagiging masining ng akda batay sa napakindingang mga pahayag</p>	<p><b>F9PB-Ig-h-43</b> Nailalapat sa sarili, bilang isang Asyano, ang pangunahing kaisipan ng dulang binasa</p>	<p><b>F9PT-Ig-h-43</b> Naipaliliwanag ang kahulugan ng salita habang nababago ang estruktura nito</p>	<p><b>F9PD-Ig-h-43</b> Napahahalagahan ang napanood na dula sa pamamagitan ng pagpili at pagpapaliwanag ng bahaging naibigan</p>	<p><b>F9PS-Ig-h-45</b> Nabibigkas nang may paglalapat sa sariling katauhan ang ilang diyalogo ng napiling tauhan sa binasang dula</p>	<p><b>F9PU-Ig-h-45</b> Nasusuri ang pagiging makatotohanan ng ilang pangyayari sa isang dula</p>	<p><b>F9PS-Ig-h-45</b> Nagagamit ang mga ekspresyong nagpapahayag ng katotohanan (sa totoo, talaga, tunay, iba pa)</p>	
<p>Pangwakas na Output (Linggo 9-10)</p> <p><b>F9PN-Ii-j-44</b> Napaghahambing ang mga napakindingang pasalitang panghihikayat na isinagawa ng bawat pangkat sa isang <i>book fair</i></p>	<p><b>F9PB-Ii-j-44</b> Naibabahagi ang sariling pananaw sa resulta ng isinagawang sarbey tungkol sa tanong na: "Alin sa mga babasahin ng Timog-Silangang Asya ang iyong nagustuhan?"</p>	<p><b>F9PT-Ii-j-44</b> Naililista at nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salitang nakita sa alinmang akda ng Timog-Silangang Asya na napiling basahin sa isinagawang <i>book fair</i></p>	<p><b>F9PD-Ii-j-44</b> Nasusuri ang napanood na halimbawa ng pasalitang panghihikayat sa pamamagitan ng pagpili at pagpapaliwanag ng bahaging Naibigan</p>	<p><b>F9PS-Ii-j-46</b> Pasalitang nasusuri ang alinmang akda sa Timog-Silangang Asya na kabilang sa isinagawang <i>book fair</i></p>	<p><b>F9PU-Ii-j-46</b> Batay sa isang iskrip na nabuo ng pangkat, naitatanghal sa isang <i>book fair</i> ang malikhaing panghihikayat na basahin ang alinmang akda sa Timog-Silangang Asya</p>	<p><b>F9WG-Ii-j-46</b> Nagagamit ang mga ekspresyong nanghihikayat sa malikhaing pagtatanghal ng <i>book fair</i></p>	<p><b>F9EP-Ii-j-14</b> Nasasaliksik ang mga hakbang sa pagsasagawa ng malikhaing panghihikayat sa isang <i>book fair</i></p>

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### IKALAWANG MARKAHAN

<b>TEMA</b>	Mga Akdang Pampanitikan ng Silangang Asya
<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga piling akdang tradisyonal ng Silangang Asya
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Ang mag-aaral ay nakasusulat ng sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging isang Asyano
<b>PANITIKAN</b>	Tanka at Haiku, Pabula, Sanaysay, Maikling Kuwento at Dula
<b>GRAMATIKA</b>	Mga Suprasegmental na Antala/Hinto, Diin at Tono Mga Pahayag na Ginagamit sa Pagpapahayag ng Emosyon at Sariling Opinyon/Pananaw, Paninindigan at Mungkahi Mga Pang-ugnay na Ginagamit sa Pagsulat ng Sanaysay, Maikling Kuwento at Dula

### MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT DOMAIN

Pag-unawa sa Napakingingan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Tanka at Haiku (Linggo 1-2) <b>F9PN-IIa-b-45</b> Nasusuri ang tono ng pagbigkas ng napakingingan tanka at haiku	<b>F9PB-IIa-b-45</b> Nasusuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng estilo ng pagbuo ng tanka at haiku	<b>F9PT-IIa-b-45</b> Nabibigyang-kahulugan ang matatalingha-gang salitang ginamit sa tanka at haiku	<b>F9PD-IIa-b-45</b> Naghahambing ang sariling damdamin at ang matatag na bumibigkas batay sa napanood na paraan ng pagbigkas ng tanka at haiku	<b>F9PS-IIa-b-47</b> Nabibigkas ang isinulat na tanka at haiku nang may wastong antala/hinto, at damdamin	<b>F9PU-IIa-b-47</b> Naisusulat ang payak na tanka at haiku sa tamang anyo at sukat	<b>F9WG-IIa-b-47</b> Nagagamit ang suprasegmental na antala/hinto, diin at tono sa pagbigkas ng tanka at haiku	<b>F9EP-IIa-b-15</b> Nasasaliksik ang kulturang nakapaloob sa tanka at haiku ng Silangang Asya
Pabula (Linggo 3) <b>F9PN-IIc-46</b> Nahihinuha ang damdamin ng mga tauhan batay sa diyalogong napakingingan	<b>F9PB-IIc-46</b> Nabibigyang-puna ang kabisaan ng paggamit ng hayop bilang mga tauhan na parang taong nagsasalita at kumikilos	<b>F9PT-IIc-46</b> Naiaantas ang mga salita ( <i>clining</i> ) batay sa tindi ng emosyon o damdamin	<b>F9PD-IIc-46</b> Naipakikita ang transpormasyong nagaganap sa tauhan batay sa pagbabagong pisikal emosyonal intelektuwal	<b>F9PS-IIc-48</b> Naipakikita ang kakaibang katangian ng pabula sa pamamagitan ng isahang pasalitang pagtatanghal	<b>F9PU-IIc-48</b> Muling naisusulat ang isang pabula sa paraang babaguhin ang karakter ng isa sa mga tauhan nito	<b>F9WG-IIc-48</b> Nagagamit ang iba't ibang ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin	<b>F9EP-IIc-16</b> Nasasaliksik ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pabula sa alinmang bansa sa Asya
Sanaysay (Linggo 4)  <b>F9PN-IIId-47</b> Naipaliliwanag ang pananaw ng may-akda tungkol sa paksa batay sa napakingingan	<b>F9PB-IIId-47</b> Naipaliliwanag ang mga: - kaisipan - layunin - paksa; at paraan ng pagkakabuo ng sanaysay	<b>F9PT-IIId-47</b> Naipaliliwanag ang mga salitang di lantad ang kahulugan batay sa konteksto ng pangungusap	<b>F9PD-IIId-47</b> Nabibigyang-puna ang paraan ng pagsasalita ng taong naninindigan sa kanyang mga saloobin o opinyon sa isang talumpati	<b>F9PS-IIId-49</b> Naipahahayag ang sariling pananaw tungkol sa isang napapanahong isyu sa talumpating nagpapahayag ng matibay na paninindigan	<b>F9PU-IIId-49</b> Naisusulat ang isang talumpating naglalalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa	<b>F9WG-IIId-49</b> Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng ordinaryong opinyon, matibay na paninindigan at mungkahi	<b>F9EP-IIId-17</b> Nasasaliksik ang iba't ibang halimbawa ng talumpati

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM**

<b>Pag-unawa sa Napakindingan (PN)</b>	<b>Pag-unawa sa Binasa (PB)</b>	<b>Paglinang ng Talasalitaan (PT)</b>	<b>Panonood (PD)</b>	<b>Pagsasalita (PS)</b>	<b>Pagsulat (PU)</b>	<b>Wika at Gramatika (WG)</b>	<b>Estratehiya sa Pag-aaral (EP)</b>
<p>Maikling Kuwento (Linggo 5-6)</p> <p><b>F9PN-IIe-f-48</b> Nasusuri ang maikling kuwento batay sa estilo ng pagsisimula, pagpapadaloy at pagwawakas ng napakindingang salaysay</p>	<p><b>F9PB-IIe-f-48</b> Nahihinuha ang kulturang nakapaloob sa binasang kuwento na may katutubong kulay</p>	<p><b>F9PT-IIe-f-48</b> Nabibigyang-kahulugan ang mga imahe at simbolo sa binasang kuwento</p>	<p><b>F9PD-IIe-f-48</b> Napaghahambing ang kultura ng ilang bansa sa Silangang Asya batay sa napanood na bahagi ng teleserye o pelikula</p>	<p><b>F9PS-IIe-f-50</b> Naisasalaysay ang sariling karanasan na may kaugnayan sa kulturang nabanggit sa nabasang kuwento</p>	<p><b>F9PU-IIe-f-50</b> Nailalarawan ang sariling kultura sa anyo ng maikling salaysay</p>	<p><b>F9WG-IIe-f-50</b> Nagagamit ang mga pahayag sa pagsisimula, pagpapadaloy at pagtatapos ng isang kuwento</p>	<p><b>F9EP-IIe-f-18</b> Nasasaliksik ang tradisyon, paniniwala at kaugalian ng mga Asyano batay sa maikling kuwento ng bawat isa</p>
<p>Dula (Linggo 7-8)</p> <p><b>F9PN-IIg-h-48</b> Nauuri ang mga tiyak na bahagi at katangian ng isang dula batay sa napakindingang diyalogo o pag-uusap</p>	<p><b>F9PB-IIg-h-48</b> Nasusuri ang binasang dula batay sa pagkakabuo at mga elemento nito</p>	<p><b>F9PT-IIg-h-48</b> Naipaliliwanag ang salitang may higit sa isang kahulugan</p>	<p><b>F9PD-IIg-h-48</b> Napaghaham-bing ang mga napanood na dula batay sa mga katangian at elemento ng bawat isa</p>	<p><b>F9PS-IIg-h-51</b> Naisasadula nang madamdamin sa harap ng klase ang nabuong maikling dula</p>	<p><b>F9PU-IIg-h-51</b> Naisusulat ang isang maikling dula tungkol sa karaniwang buhay ng isang grupo ng Asyano</p>	<p><b>F9WG-IIg-h-51</b> Nagagamit ang mga angkop na pang-ugnay sa pagsulat ng maikling dula</p>	<p><b>F9EP-IIg-h-19</b> Nasasaliksik ang kulturang nakapaloob sa alinmang dula sa sa Silangang Asya</p>
<p>Pangwakas na Output (Linggo 9-10)</p> <p><b>F9PN-III-j-49</b> Naipahahayag ang damdamin at pag-unawa sa napakindingang akdang orihinal</p>	<p><b>F9PB-III-j-49</b> Naipaliliwanag ang naging bisa ng nabasang akda sa sariling kaisipan at damdamin</p>	<p><b>F9PT-III-j-49</b> Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salita batay sa konteksto ng pangungusap</p>	<p><b>F9PD-III-j-49</b> Naihahayag ang sariling pananaw tungkol sa ibinahaging sariling akda sa napanood na kumperensiya</p>	<p><b>F9PS-III-j-52</b> Naisasalaysay sa isang kumperensiya ang naisulat na sariling akda</p>	<p><b>F9PU-III-j-52</b> Naisusulat ang sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging Asyano</p>	<p><b>F9WG-III-j-52</b> Nagagamit ang linggwistikong kahusayan sa pagsulat ng sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging isang Asyano</p>	



## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### IKATLONG MARKAHAN

<b>TEMA</b>	Mga Akdang Pampanitikan ng Kanlurang Asya
<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikang ng Kanlurang Asya
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Ang mag-aaral ay masining na nakapagtataghal ng kulturang Asyano batay sa napiling mga akdang pampanitikang Asyano
<b>PANITIKAN</b>	Parabula, Elehiya/Awit, Maikling Kuwento, Alamat, Epiko, Sanaysay
<b>GRAMATIKA</b>	Matatalinghagang Pahayag Mga Pang-uring Nagpapasidhi ng Damdamin Mga Pang-ugnay sa Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari Mga Pang-abay na Pamanahon, Panahunan at Pamaraan

### MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT DOMAIN

Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
Parabula (Linggo 1) <b>F9PN-IIIa-50</b>  Nahihinuha and mga katangian ng parabula batay sa napakinggang diiskusyon sa klase	<b>F9PB-IIIa-50</b>  Napatutunayang ang mga pangyayari sa binasang parabula ay maaaring maganap sa tunay na buhay sa kasalukuyan	<b>F9PT-IIIa-50</b>  Nabibigyang-kahulugan ang matatalingha-gang pahayag sa parabula	<b>F9PD-IIIa-50</b>  Natutukoy at naipaliliwanag ang mensahe ng napanood na parabulang isinadula	<b>F9PS-IIIa-53</b>  Naisasadula ang nabuong orihinal na parabula	<b>F9PU-IIIa-53</b>  Naisusulat ang sariling parabula tungkol sa isang pagpapahalagang kultural sa Kanlurang Asya	<b>F9WG-IIIa-53</b>  Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang matatalinghagang pahayag	<b>F9EP-IIIa-20</b>  Nakapananaliksik tungkol sa mga pagpapahalagang kultural sa Kanlurang Asya
Elehiya/Awit (Linggo 2-3)  <b>F9PN-IIIb-c-51</b> Naipahahayag ang sariling damdamin kapag ang sarili ay nakita sa katauhan o katayuan ng may- akda o persona sa narinig na elehiya at awit	<b>F9PB-IIIb-c-51</b> Nasusuri ang mga elemento ng elehiya batay sa: - Tema - Mga tauhan - Tagpuan - Mga mahihiwa-tigang kaugalian o tradisyon - Wikang ginamit - Pahiwatig o simbolo - Damdamin	<b>F9PT-IIIb-c-51</b> Nabibigyang- kahulugan ang mga salitang may natatagong kahulugan	<b>F9PD-IIIb-c-50</b> Nabibigyang-puna ang nakitang paraan ng pagbigkas ng elehiya o awit	<b>F9PS-IIIb-c-53</b> Nalalapatan ng himig sa isinulat na elehiyang orihinal	<b>F9PU-IIIb-c-53</b> Nakasusulat ng sariling elehiya para sa isang mahal sa buhay	<b>F9WG-IIIb-c-53</b> Nagagamit ang mga angkop na pang-uri na nagpapasidhi ng damdamin	

### K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Pag-unawa sa Napakindingan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
<p>Maikling Kuwento (Linggo 4-5)</p> <p><b>F9PN-IIIId-e-52</b> Nasusuri ang mga tunggalian (tao vs. tao, at tao vs. sarili) sa kuwento batay sa napakindingang pag-uusap ng mga tauhan</p>	<p><b>F9PB-IIIId-e-52</b> Napatutunayang ang mga pangyayari at/o transpormasyong nagaganap sa tauhan ay maaaring mangyari sa tunay na buhay</p>	<p><b>F9PT-IIIId-e-52</b> Natutukoy ang pinagmulan ng salita (etimolohiya)</p>	<p><b>F9PD-IIIId-e-51</b> Naiuugnay sa kasalukuyan ang mga tunggaliang (tao vs. tao at tao vs. sarili) napanood na programang pantelebisyon</p>	<p><b>F9PS-IIIId-e-54</b> Nasusuri at naipaliliwanag ang mga katangian ng binasang kuwento na may uring pangkatauhan batay sa pagkakabuo nito</p>	<p><b>F9PU-IIIId-e-54</b> Muling naisusulat ang maikling kuwento nang may pagbabago sa ilang pangyayari at mga katangian ng sinuman sa mga tauhan</p>	<p><b>F9WG-IIIId-e-54</b> Nagagamit ang angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento</p>	
<p>Alamat (Linggo 6)</p> <p><b>F9PN-IIIIf-53</b> Nabibigyang-kahulugan ang kilos, gawi at karakter ng mga tauhan batay sa usapang napakindingan</p>	<p><b>F9PB-IIIIf-53</b> Napatutunayan ang pagiging makatotohanan/ di makatotohanan ng akda</p>	<p><b>F9PT-IIIIf-53</b> Naipaliliwanag ang pagbabagong nagaganap sa salita dahil sa paglalapi</p>	<p><b>F9PD-IIIIf-52</b> Nabubuo ang balangkas ng pinanood na alamat</p>	<p><b>F9PS-IIIIf-55</b> Naitatanghal sa isang pagbabalita ang nabuong sariling wakas</p>	<p><b>F9PS-IIIIf-55</b> Naisusulat ang sariling wakas sa naunang alamat na binasa</p>	<p><b>F9WG-IIIIf-55</b> Nagagamit ang mga pang-abay na pamanahon, panlunan at pamaraan sa pagbuo ng alamat</p>	
<p>Epiko (Linggo 7-8)</p> <p><b>F9PN-IIIg-h-54</b> Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa akda batay sa ilang pangyayaring napakindingan</p>	<p><b>F9PB-IIIg-h-54</b> Nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamain sa epiko</p>	<p><b>F9PT-IIIg-h-54</b> Nabibigyang-kahulugan ang mga salita batay sa kontekstong pinaggamitan</p>	<p><b>F9PD-IIIg-h-53</b> Naipakikita sa iba't ibang larawang-guhit ang kakaibang katangian ng epiko batay sa mga pangyayari at tunggaliang naganap dito</p>	<p><b>F9PS-IIIg-h-56</b> Natutukoy at nabibigyang-katangian ang isa sa mga itinuturing na bayani ng alinmang bansa sa Kanlurang Asya</p>	<p><b>F9PS-IIIg-h-56</b> Naitatanghal sa anyo ng <i>informance</i> ang isang itinuturing na bayani ng alinmang bansa sa Kanlurang Asya sa kasalukuyan</p>	<p><b>F9PS-IIIg-h-56</b> Nagagamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng kulturang Asyano at bayani ng Kanlurang Asya</p>	<p><b>F9EP-IIIg-h-21</b> Nasasaliksik sa iba't ibang reperensiya ang kinakailangang mga impormasyon/datos</p>
<p>Pangwakas na Output (Linggo 9-10)</p> <p><b>F9PN-IIIi-j-55</b> Naipadarama ang pagmamalaki sa pagiging Asyano dahil sa mga napakindingan</p>	<p><b>F9PB-IIIi-j-55</b> Naiisa-isa at napahahalagahan ang kulturang Asyano bunga ng nabasang mga akdang pampanitikang Kanlurang Asyano</p>	<p><b>F9PT-IIIi-j-55</b> Nabibigyang-kahulugan ang mga salitang may kaugnayan sa kultura sa tulong ng <i>word association</i></p>	<p><b>F9PD-IIIi-j-54</b> Nailalahad ang mga puna at mungkahi tungkol sa napanood na pagtatanghal</p>	<p><b>F9PS-IIIi-j-57</b> Naipakikita sa isang masining na pagtatanghal ang kulturang Asyano na masasalamain sa binasang mga akdang pampanitikan ng Kanlurang Asyano</p>	<p><b>F9PS-IIIi-j-57</b> Nabubuo ng plano at kaukulang iskrip tungkol sa isasagawang pagtatanghal ng kulturang Asyano</p>		

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### IKAAPAT NA MARKAHAN

<b>TEMA</b>	<i>Noli Me Tangere</i> sa Puso ng mga Asyano
<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa isang obra maestrang pampanitikan ng Pilipinas
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Ang mag-aaral ay nakikilahok sa pagpapalabas ng isang movie trailer o storyboard tungkol sa isa ilang tauhan ng <i>Noli Me Tangere</i> na binago ang mga katangian (dekonstruksiyon)
<b>PANITIKAN</b>	<i>Noli Me Tangere</i>

### MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT DOMAIN

Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
<p><b>F9PN-IVa-b-56</b> Batay sa napakinggan, natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>- pagtukoy sa layunin ng may- akda sa pagsulat nito</li> <li>- pag-isa-isa sa mga kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ito</li> <li>- pagpapatunay sa pag-iral pa ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang panahon sa lipunang Pilipino</li> </ul>	<p><b>F9PB-IVa-b-56</b> Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang akda at ang mga epekto nito matapos maisulat hanggang sa kasalukuyan</p>	<p><b>F9PT-IVa-b-56</b> Natutukoy ang mga kontekstuwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan</p>	<p><b>F9PD-IVa-b-55</b> Napatutunayang ang akda ay may pagkakatulad / pagkakaiba sa ilang napanood na telenobela</p>	<p><b>F9PS-IVa-b-58</b> Nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami</p>	<p><b>F9PU-IVa-b-58</b> Naitatala ang nalikom na datos sa pananaliksik</p>	<p><b>F9WG-IVa-b-57</b> Nagagamit ang mga angkop na salita / ekspresyon sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>- paglalarawan</li> <li>- paglalahad ng sariling pananaw</li> <li>- pag-iisa-isa</li> <li>- pagpapatunay</li> </ul>	<p><b>F9EP-IVa-b-21</b> Nalalagom ang mahahalagang impormasyong nasaliksik para sa sariling pagpapakahulugan at gamit</p>
<p><b>F9PN-IVc-57</b> Nakikilala ang mga tauhan batay sa napakinggang pahayag ng bawat isa</p>	<p><b>F9PB-IVc-57</b> Nahihinuha ang katangian ng mga tauhan at natutukoy ang kahalagahan ng bawat isa sa nobela</p>	<p><b>F9PT-IVc-57</b> Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag</p>	<p><b>F9PD-IVc-56</b> Nahuhulaan ang maaaring maging wakas ng buhay ng bawat tauhan batay sa napanood na <i>parade of characters</i></p>	<p><b>F9PS-IVc-59</b> Madamdaming nabibigkas ang nabuong monologo tungkol sa isang tauhan</p>	<p><b>F9PU-IVc-59</b> Naisusulat ang isang makahulugan at masining na monologo tungkol sa isang piling tauhan</p>	<p><b>F9WG-IVc-59</b> Nagagamit ang tamang pang-uri sa pagbibigay-katangian</p>	
<p><b>F9PN-IVd-58</b> Naibabahagi ang sariling damdamin sa tinalakay ng mga pangyayaring naganap sa buhay ng</p>	<p><b>F9PB-IVd-58</b> Nailalahad ang sariling pananaw sa kapangyarihan ng pag-ibig sa magulang, sa</p>	<p><b>F9PT-IVd-58</b> Napapangkat ang mga salita ayon sa antas ng pormalidad ng gamit nito (<i>level of formality</i>)</p>	<p><b>F9PD-IVd-57</b> Napaghahambing ang kalagayan ng lipunan noon at ngayon batay sa sariling karanasan at</p>	<p><b>F9PS-IVd-60</b> Nailalarawan ang mga pagbabagong nagaganap sa sarili matapos mabasa ang</p>	<p><b>F9PU-IVd-60</b> Naitatanghal ang mga tunggaliang naganap sa mga tauhan sa tulong ng isinulat na iskrip ng</p>	<p><b>F9WG-IVd-60</b> Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa pagpapahayag ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>- damdamin</li> </ul>	<p><b>F9EP-IVd-22</b> Naitatala ang mga impormasyong nakuha sa isinagawang panayam sa mga taong</p>

### K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

Pag-unawa sa Napakikingan (PN)	Pag-unawa sa Binasa (PB)	Paglinang ng Talasalitaan (PT)	Panonood (PD)	Pagsasalita (PS)	Pagsulat (PU)	Wika at Gramatika (WG)	Estratehiya sa Pag-aaral (EP)
tauhan	kasintahan, sa kapwa at sa bayan		sa napapanood sa telebisyon at /o pelikula	akda	<i>Mock Trial</i>	- matibay na paninindigan - ordinaryong pangyayari	may lubos na kaalaman tungkol sa aralin
<b>F9PN-IVe-f-59</b> Natitiyak ang pagkamakatoto-hanan ng akdang napakikingan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ilang pangyayari sa kasalukuyan	<b>F9PB-IVe-f-59</b> Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kulturang Asyano	<b>F9PT-IVe-f-59</b> Naipaliliwanag ang iba't ibang paraan ng pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan	<b>F9Pd-IVe-f-58</b> Batay sa naririnig/nababasa sa <i>multimedia</i> , nailalahad ang mga hinaing ng mga piling tauhan na siya ring hinaing ng mamamayan sa kasalukuyan	<b>F9PS-IVe-f-61</b> Nasusuri kung ang pahayag ay nagbibigay ng opinyon o nagpapahayag ng damdamin	<b>F9PU-IVe-f-61</b> Nakikibahagi sa pagsulat at pagtatanghal ng pagsasadula ng ilang isyung binanggit sa akda na makatotohanan pa rin sa kasalukuyan		<b>F9EP-IVe-f-23</b>
<b>F9PN-IVg-h-60</b> Naibabahagi ang sariling damdamin tungkol sa narinig na naging kapalaran ng tauhan sa nobela at ng isang kakilalang may karanasang katulad ng nangyari sa tauhan	<b>F9PB-IVg-h-60</b> Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa aralin gaya ng: pamamalacad ng pamahalaan paniniwala sa Diyos kalupitan sa kapuwa kayamanan - kahirapan at iba pa	<b>F9PT-IVg-h-60</b> Nabibigyang- kahulugan ang mahihirap na salita batay sa kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan	<b>F9PD-IVg-h-59</b> Naihahambing ang mga katangian ng isang ina noon at sa kasalukuyan batay sa napanood na dulang pantelebisyon o pampelikula	<b>F9PS-IVg-h-62</b> Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtupad sa tungkulin ng ina at ng anak	<b>F9PU-IVg-h-62</b> Naitatanghal ang <i>scenario building</i> tungkol kay Sisa sa makabagong panahon	<b>F9WG-IVg-h-62</b> Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa: pagpapaliwa-nag paghahambing pagbibigay ng opinyon	<b>F9EP-IVe-f-25</b> Nasasaliksik ang mga pagkukunan ng impormasyon upang mapagtibay ang paninindigan at makabuo ng matibay na kongklusyon at rekomendasyon
<b>F9PN-IVi-j-61</b> Pangwakas na Gawain  Naibabahagi ang sariling damdamin sa naging kapalaran ng tauhan sa akda at ang pag-unawa sa damdamin ng tauhan batay sa napakinging talakayan	<b>F9PB-IVi-j-61</b> Nailalahad ang sariling pananaw tungkol sa pag-ibig	<b>F9PT-IVi-j-60</b> Naipaliliwanag ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa	<b>F9PD-IVi-j-60</b> Nasusuri ang pinanood na dulang panteatro na naka- <i>video clip</i>	<b>F9PS-IVi-j-63</b> Naipahahayag kung paano nakatulong ang karanasan ng mga tauhan upang mapabuti ang sariling ugali, pagpapahalaga at buong katauhan	<b>F9PU-IVi-j-63</b> Naitatanghal ang dulang panteatro na pumapaksa sa ilang napapanahong isyung panlipunan sa kasalukuyan	<b>F9WG-IVi-j-63</b> Nagagamit ang mga kasanayang komunikatibo (linggwistik, sosyolinggwistik, diskorsal at istratedyik) sa lahat ng mga gawain sa klase	

LEARNING COMPETENCY Ang Learning Materials ay naka-upload sa <a href="http://lrmds.deped.gov.ph/">http://lrmds.deped.gov.ph/</a> .	CODE	LEARNING MATERIALS *Ang mga Learning Materials na ito ay mahahanap sa mga aklat na ipinadala sa mga paaralan.
<b>UNANG MARKAHAN</b>		
<b>Maikling Kuwento (Linggo 1-2)</b>		
Nabibigyang- kahulugan ang mahirap na salitang ginamit sa akda batay sa denotatibo o konotatibong kahulugan	<b>F9PT-Ia-b-39</b>	EASE Filipino III. Modyul 3. Aralin 2 EASE Filipino III. Modyul 4. Aralin 1 EASE Filipino III. Modyul 24. Aralin 2
<b>Nobela (Linggo 3-4)</b>		

### K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

LEARNING COMPETENCY Ang <i>Learning Materials</i> ay naka-upload sa <a href="http://lrmds.deped.gov.ph/">http://lrmds.deped.gov.ph/</a> .	CODE	LEARNING MATERIALS *Ang mga <i>Learning Materials</i> na ito ay mahahanap sa mga aklat na ipinadala sa mga paaralan.
Nasusuri ang tunggaliang tao vs. sarili sa binasang nobela	<b>F9PB-Ic-d-40</b>	EASE Filipino III. Modyul 18 Open High School. Modyul 18
Nabibigyan ng sariling interpretasyon ang mga pahiwatig na ginamit sa akda	<b>F9PT-Ic-d-40</b>	EASE Filipin III. Modyul 9.Aralin 1 EASE Filipino III.Modyul 24. Aralin 2
<b>Tula(Linggo 5)</b>		
Natutukoy at naipaliliwanag ang magkakasingka-hulugang pahayag sa ilang taludturan	<b>F9PT-Ie-41</b>	EASE Filipino III. Modyul 7
<b>Sanaysay (Linggo 6)</b>		
Nasusuri ang sariling ideya at ideya ng iba kapag nakikita ang sarili sa katauhan ng nagsasalita	<b>F9PN-If-42</b>	EASE Filipino IV. Modyul 2. Aralin 2
<b>Dula (Linggo 7-8)</b>		
Nabubuo ang kritikal na paghusga sa karakterisasyon ng mga tauhan at sa epekto nito sa pagiging masining ng akda batay sa napakinggang mga pahayag	<b>F9PN-Ig-h-43</b>	EASE Filipino III.Modyul 2
<b>Dula (Linggo 7-8)</b>		
Nauuri ang mga tiyak na bahagi at katangian ng isang dula batay sa napakinggang diyologo o pag-uusap	<b>F9PN-IIg-h-48</b>	EASE Filipino III. Modyul 2. Aralin 1
<b>Pangwakas na Output (Linggo 9-10)</b>		
Naipaliliwanag ang naging bisa ng nabasang akda sa sariling kaisipan at damdamin	<b>F9PB-III-j-49</b>	EASE Filipino III. Modyul 10. Aralin I

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### GLOSSARY

<b>CABLA</b>	Communicative Activity Based Language Approach o CABLA ay isang paraan ng pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga panuto sa target na wika upang maisagawa ng mga mag-aaral o ng tagapakinig.
<b>Dugtungan</b>	Isang pamamaraang ginagamit sa pagsasalaysay muli ng napakinggan o nabasang kuwento sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga pangyayari nito nang may tamang pagkakasunod-sunod. w
<b>Estratehiya sa Pag-aaral</b>	Mga kakayahan upang mapalawak ang kakayahan ng mag-aaral.
<b>Kaalaman sa Aklat at Limbag</b>	Kakayahan na maunawaan ng ugnayan ng teksto at larawan at ang limbag ay may kahulugan (Strickland & Schickedanz, 2004). Kasama din 188itto ang pagkakaunawa ng mga babala, paalala at logo na makikita sa ating kapaligiran (Kassow, 2006).
<b>Kamalayang Ponolohiya</b>	Pag-unawa na ang bawat tunog ay may katumbas na letra, at ang bawat salita ay binubuo ng pantig, ang bawat pangungusap ay binubuo ng mga salita.
<b>Kasanayan ng Wika</b>	Kasanayan sa paggamit ng wika sa pasalita o pasulat na pakikipagtalastasan na isinasaalang –alang ang mga tuntunin sa grammar, sa pagbaybay ng mga salita sa Filipino
<b>OPAC</b>	Online Public Access Catalog o OPAC. Ito ay isang online na sistema ng card catalog o talaan ng mga print at non-print na kagamitan sa loob ng silid-aklatan.
<b>Palabigkasan at Pagkilala sa Salita</b>	Pagkaunawa na ang mga nakalimbag na salita ay binubuo ng mga letra na may kaniya-kaniyang tunog at pinagsasama-sama upang makabuo ng mga salitang may kahulugan
<b>Pagsulat at Pagbaybay/Komposisyon</b>	Isang gawaing naug-uugat mula sa pagtatamo ng kasanayan at kung paano ginagamit ang wika hanggang sa ang kasanayang ito ay aktwal na magamit sa paraang pasulat (Rivers, 1975) na isinasaalang alang ang mga pamantayan sa mabisang pagpapahayag ng naisip at nadarama.
<b>Pag-unawa sa Binasa</b>	Isang aktibong proseso sa pagbuo ng kahulugan (Anderson at Pearson, 1984; Spiro 1980) sa pamamagitan ng pag-uugnay ng tagabasa ng bagong impormasyong hango sa binasang teksto sa kaniyang dating kaalaman at karanasan.
<b>Pag-unawa sa Napakinggan</b>	Kakayahang matukoy at maunawaan kung ano ang sinasabi ng kausap (Yagang, 1993). Nakapaloob sa kasanayan na ito ang pag-unawa sa diin at bigkas, balarila at talasalitaan at pagpapakahulugan sa nais iparating ng tagapagsalita (Howatt at Dakin, 1974, binanggit kay Yagang).
<b>Pag-unlad ng Talasalitaan</b>	Kasanayan upang maangkin ng mga mag-aaral ang kakayahang mabibigay ang kahulugan alinsunod sa gamit nito sa loob at labas ng isang kontesкто at magamit nang buong husay sa pakikipagtalastasan. (Channell, 1988)
<b>Recount</b>	Isang uri ng tekstong pang-impormasyon na naglalayon na maitala at mailarawan ang mga nakaraang karanasan nang may tamang pagkakasunod-sunod. Kalimitan na ang kasali ang sumulat ng teksto sa pangyayaring isinasaad.
<b>Tatas</b>	Kakayahang magamit nang wasto ang wika sa pagsasalita, makabasa ng mga babasahin na angkop sa kaniyang edad at baiting nang may otomasiti.
<b>Tekstong Pang-impormasyon</b>	Kalipunan ng mga babasahing nagbibigay ng tunay at makatotohanang kaalaman tungkol sa kapaligiran (Duke & Bennett-Armistead, 2003). Ilan sa halimbawa nito ay procedural, expository, explanation, discussion at recount.
<b>Wikang Binibigkas</b>	Paggamit ng wika sa pasalitang pakikipagtalastasan na bunga ng masusing pakikinig sa tagapagsalita.

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### CODE BOOK LEGEND

Sample: **F4EP-If-h-14**

LEGEND		SAMPLE	
<b>First Entry</b>	Learning Area and Strand/ Subject or Specialization	Filipino	<b>F4</b>
	Grade Level	Baitang 4	
<b>Uppercase Letter/s</b>	Domain/Content/ Component/ Topic	Estratehiya sa Pag-aaral	<b>EP</b>
			-
<b>Roman Numeral</b> <i>*Zero if no specific quarter</i>	Quarter	Unang Markahan	<b>I</b>
<b>Lowercase Letter/s</b> <i>*Put a hyphen (-) in between letters to indicate more than a specific week</i>	Week	Ika-anim hanggang ikawalong linggo	<b>f-h</b>
			-
<b>Arabic Number</b>	Competency	Nakasusulat ng balangkas ng binasang teskto sa anyong pangungusap o paksa	<b>14</b>

DOMAIN/ COMPONENT	CODE
Estratehiya sa Pag-aaral	EP
Kaalaman sa Aklat at Limbag	AL
Kamalayang Ponolohiya	KP
Komposisyon	KM
Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan	PL
Pagsasalita/ Wikang Binibigkas	PS
Pagsulat at Pagbaybay	PU
Pagunawa sa Binasa	PB
Pag-unlad/ Paglinang ng Talasalitaan	PT
Pakikinig/ Pag-unawa sa Napakinggan	PN
Palabigkasan at Pagkilala sa Salita	PP
Panonood	PD
Wika at Gramatika/ Kayarian ng Wika	WG

## K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

### REFERENCES

- Badayos, Paquito, *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika*, (Makati City, Grandwater Publications and Research Corporation, 1999)
- Bureau of Elementary Education, *2002 Basic Education Curriculum*, (Pasig City: Department of Education, 2010)
- Bureau of Secondary Education, Department of Education. *Basic Education Curriculum*. Pasig City, 2002.
- Bureau of Secondary Education, Department of Education Culture and Sport. *Desired Learning Competencies New Secondary Education Curriculum*. Pasig City, 1991.
- Bureau of Secondary Education, Department of Education Culture and Sports. *Desired Learning Competencies Philippine Secondary Schools Learning Competencies*. Pasig City, 1998.
- Bureau of Secondary Education, Department of Education *Secondary Education Curriculum*. Pasig City, 2010.
- Cooper, James David, *Literacy Helping Children Construct Meaning 3rd edition*, (Boston: Houghton Mifflin Company, 1997)
- Gunning, Thomas G., *Creating Literacy Instruction for All Children*, (MA Allyn & Bacon, 2000)
- Richards, Jack, *Curriculum Development in Language Teaching*, (USA: Cambridge University Press, 2001)
- Spodek, Bernard & Saracho Olivia N. Saracho. *Right from the Start, Teaching Children Ages to Eight*, (Massachusetts, Allyn and Bacon, 1994)
- Tompkins, Gail E, *Teaching Writing Balancing Process and Product*, (New Jersey: Prentice-Hall, Inc. 2000)